pabalik nang 10 days backward. Ang magiging bilang ay as to the start of the reimbursement. Kunwari na-delay si employer ng notification nang 1 day, pag binilang yung 10 days from the time na si SSS ay nakakuha ng notice 10 days pabalik, magkakaroon ng isang araw na hindi siya magiging entitled to the reimbursement, e.g., Nagnotify si employee kay employer nang 1/10, nagnotify dapat si employer kay SSS 1/15 pero 1/23 na nagnotify si employer. Ang bilang ng reimbursement will be from 1/23 - 1/13 (backwards). Kaya tuloy yung period ng 1/10 to 1/13 hindi na entitled to reimbursement kasi nga magbibilang 10 days pabalik. If no notice na binigay si employer kay SSS, 0

ang magiging reimbursement/ entitlement. Kasi nga prerequisite ang notice for the reimbursement. The same rule if self-employed o unemployed pero dahil walang employer, deretso na agad kay SSS. If notification will be a requirement at kung sakaling late ang notification ng self-employed or unemployed, 5 days ang bilang backwards ng entitlement kasi deretso kay SSS ito. - Bakit importante malaman kung saan naconfine? Dahil yung notice requirement ay hindi mag-aapply kung cinonfine sa hospital. Kasi mag-aapply lang ang rules na ito with regard to the notice requirement if confined elsewhere. - Thus, kapag elsewhere lang nag-aapply yung rules ng notice of requirement.

- Remember na 5 days ang notice, pero pag late 10 days backwards ang bilang ng entitlement/ reimbursement, if employee. If self-employed or unemployed, 5 days backwards. - FILING OF CLAIM (of reimbursement): 1 YEAR, if sa hospital na confine, ang 1 years period will be counted from the last day of confinement. Pero kung sakaling elsewhere, ang bilang nang 1 years ay will be from the start of confinement. - If may conflict with regard to the claim for reimbursement o nagkaroon ng duda kung entitled ba ang employer o hindi, the period for adjudication is a 2-month period na dapat makapag-decide na ang SSS kung entitled ba o hindi. - Kung sakaling magkaroon ng delay sa 2-month period, in that case,

magkakaroon ng interest na 1 percent per month. Confined elsewhere

## **Notice**

### **(5 Days)**

### **On Time 100 percent Reimbursement**

### **Late 10 Days Backwards (Start)**

### **None Zero Reimbursement**

## **Filing Of**

## **Claim**

### **(1 Year)**

## **On Time 100 percent Reimbursement**

### **Late 1 years Backwards (Start)**

### **None Zero Reimbursement**

### **Maternity Leave Benefit**

- Pareho lang ang requirements sa sickness benefit. - PERIOD: Generally, 105 days. - XPN:

1. If solo parent, +15 days (automatic), in total, 120 days.
2. Miscarriage or emergency termination of birth, 60 days (instead of the 105 days) - Focus of the law is taking care of the child. Kaya shorter period yung na miscarriage kasi sadly walang batang aalagaan, kaya ang purpose nalang nung 60 days ay for the recovery of the mother but no longer for purposes of taking care of the child. (Tightest hugs, brave mothers!)
3. +30 days without pay (optional), kahit sinong member na.

#### **- Availment:**

1. Hindi na nagmamatter yung frequency, hindi katulad dati na maximum 4 children including the miscarriage.
  2. Hindi na rin nagmamatter ang delivery, whether normal o caesarean delivery, pareho na ang rules ang meyrn.
  3. Continuous and uninterrupted - dere-deretso, pag nagstart na ng maternity leave, kahit may period within that na pumasok sa work, hindi nadagdag sa 105 days. Hindi nauusog yung nagiging last day dahil lang sa pumasok.
  4. Pwedeng magkaroon ng prenatal (bago manganak) or postnatal (after manganak) availment. Pwede na magstart ng maternity leave prenatal stage palang. Pero dahil ang focus ay pag-aalaga ng bata ay minimum 60 days yung postnatal portion. Thus, the earliest that an employee can go to a maternity will be 45 days (kasi nga 105 days yung period) prior to the scheduled date of birth. Kasi nga ang focus ay pag-aalaga ng bata hindi naman pwedeng shorter period ang postnatal. Hindi rin ito cumulative i.e., Sa unang anak naka-60 days lang, hindi siya mace-carry over sa second child. - Kapag ikaw ay nag-avail ng maternity leave literal na hindi ka papasok kaya technically na wala ka talagang sweldo, kung papaswelduhin ka o mag-aapply ng sick leave, don magkakasweldo ka. Pero hindi na required ang pagbigay ng sweldo during the maternity leave kasi babayaran kana at the start palang kung magkano dapat yung swe-swelduhin mo during the maternity leave.
- Hindi mag-aapply yung notice requirement in case of miscarriage or emergency termination of birth. Pero again for miscarriage, instead of the 105 days, 60 days ang binibigay. - TO QUALIFY: Pareho ng requirement sa sickness benefit na 3 months. Ang requirement dapat yung 3 months na yan ay pasok sa 12-month period preceding the semester of child birth or miscarriage or emergency termination of birth or collectively, contingency. - NOTICE REQUIREMENT: 45 days before the end of maternity leave pero hindi mag-aapply sa emergency termination of birth and miscarriage.

### **Allocation Of Maternity Leave**

- Any female worker entitled to maternity leave benefits may, at her option, allocate up to 7 days of the said benefits to the child's father, whether or not the same is married to the female worker. - Again ang focus ay ang pag-aalaga ng bata. - Ang female member ay pinapayagan ng SSS law na ibigay yung 7-day period as a maternity leave na binibigay ron sa tatay ng bata kahit hindi sila kasal. Hindi katulad ng pag-avail ng paternity leave na required dapat sila na kasal. Sa pag-allocate rito, hindi required. - Take note: Purely voluntary on the female member. Siya ang nag-dedecide kung ibibigay niya o hindi kasi as the name would suggest, dahil allocate ang

term this is not in addition to the 105 days, mababawas yan don sa kaniyang maternity leave kung ibibigay niya yung 7 days sa tatay ng bata. - Pwede rin ditong magkaroon ng allocation in the event of death, absence or incapacity of the female member. Mapupunta yung maternity leave benefits to an alternative caregiver which is required to be a relative by blood, kasi 4 th consanguinity ang requirement. Or yung partner ng female member, basta nakatira sa iisang bahay. - If the female worker dies or is permanently incapacitated, the balance of her maternity leave benefits shall accrue to the father of the child or to a qualified caregiver mentioned above: Ang idea rito ay nagstart na yung pag-avail ng

maternity benefit ng female member saka nangyari yung death or permanent incapacity, kaya sinasabi rito na nagkakaroon ng balance (may natitira pa na days) yung maternity leave. In which case, it can either go the father of the child or the alternate caregiver. - Iba ang tingin ng batas sa child's father at current partner.

## **Unemployment Insurance Or Involuntary Separation**

- IDEA: Ikaw ay natanggal sa trabaho for causes beyond your control, meaning hindi ikaw ang nag-resign. Hindi mag-aapply ito kung sakaling ang cause ay resignation. - The amount entitled to is 50 percent of the Average Monthly Salary Credit (AMSC) for a maximum of 2 months. On the premise na, within the 2-month period ay baka makahanap na ng trabaho. - Hindi pa 60 years of age or not more than 60. - At least 36 months contributions, 12 months of which must be within the 18-month period preceding the unemployment e.g., Kung nawalan ka ng trabaho nang Jan. 2025, kailangang may 12 buwang contributions ka from July 2023 to Dec. 2024 (18-month period before Jan. 2025).

- This is the only time the benefit does not mention semester of contingency. Ang reckoning point lang nung 18 months kung saan may 12-month contribution ka ay yung unemployment period na mismo kaya hindi na nagmamatter yung semester of contingency pa. - AVAILMENT: Once every 3 years. - Hindi katulad sa labor law na yung labor standards ay nagpapatong-patong, dito hindi, whichever is HIGHEST BENEFIT shall be paid e.g., Nanganak ka, nagkaroon ng complication, kaya kinailangan ka i-confine, may sickness benefit din. And because of that complication, nagkaroon ng disability, natanggal sa trabaho. Hindi matatanggap lahat yung benefits, whichever is

highest will be the amount that you will be entitled to.

## **Non-Transferrability Of Benefits**

- Administrative matters: No substitution, kung sino ang entitled sa benefit, siya lang ang makakatanggap.

## **Exemption From Tax, Legal Process And Lien**

- Lahat ng bagay na related sa SSS ay exempted sa tax, whether local or national, fees or charges, basta government ang nanininngil hindi mag-aapply kay SSS. Walang income tax, business tax, real property tax, import duties and DST. - Even all the benefit payments, exempt. - The exemption is so strong na not even just taxes e.g., Ikaw ay tumatanggap nalang ng pension dahil retired kana, nakasuhan ka and there is a judgment debt that you will be paying for, hindi pwedeng gamitin yung monthly pension na pambayad ng judgment debt. - In order for the exemption to be removed sa SSS Law, dapat express ang revocation, hindi pwedeng implied lang.

## **Employer'S And Employee'S Contributions**

### **Contributions**

#### **Share**

#### **Monthly**

#### **Salary**

#### **Credit**

#### **Year Of**

#### **Implementation**

#### **Contribution**

#### **Rate Employer Employee Min. Max.**

2019/2020 12 percent 8 percent 4 percent 2K 20K 2021/2022 13 percent 8.5 percent 4.5 percent 3K 25K 2023/2024 14 percent 9.5 percent 4.5 percent 4K 30K 2025 15 percent 10 percent 5 percent 5K 35K The above rates equally applies to self-employed, voluntary and other members. - May increase na 1 percent sa contribution rate dahil nga sa additional 1K that was signed by Pres. Duterte. - Shaing of EE-ER: May 0.5 percent na increase papunta sa 2021/22. Pero lahat ng increase na 1 percent sa 2023/24 ay kay employer lang. Pero yung naging increase na 1 percent in this year, 2025 ay pinaghatian na, .5 percent kay EE-ER. - Minimum Contribution: 1K ang increase. - Maximum: 5K ang naging increase. Up to now, 20K pa rin ang maximum na Monthly Salary Credit ang ginagamit for purposes of determining the

contributions and benefits, dahil yung excess ng 20K kay MPF napupunta na parang hiwalay na savings or retirement fund ng mga members at hindi na kasama sa computation ng benefits, yung 20K pa rin. - Bakit nagmamatter yung minimum at

maximum? Generally, kung mas mababa sa minimum ang natatanggap nung employee, yung minimum pa rin ang basis ng monthly salary credit e.g., 5K na ang minimum (refer to the table), sumesweldo lang 4K, ano ang basis? 5K pa rin. If sumweseldo ng more than the maximum, yung maximum ang susundin e.g., 200K a month ang sweldo, 35K ang magiging basis, at yung 20K gagamitin as maximum basis to compute for the monthly salary credit; yung 15K na excess ay gagamitin to compute the

share na mapupunta sa MPF. - XPN: Applicable lang sa minimum. Kung below minimum si Kasambahay, yung actual salary ang magiging basis ng monthly salary credit niya e.g., Salary ni Kasambahay ay 4K, itong 4K ang magiging basis ng contribution para niya. Hindi na yung minimum ang mag-aapply anymore, which is 5K. Pero if sumasahod ng 50K per month, 35K ang magiging monthly salary credit (same process above). - Kapag self-employed or OFW na walang labor agreement, ang magiging contribution nila will include both - the EE and ER. - Ang basis kung magkano ang contribution ng self-employed ay ang kaniyang monthly earnings. Magbibigay siya ng affidavit kung ano yung

monthly earnings na mayroon siya, until there is another declaration. - CONCEPT: MPF - By the current table of the SSS, yung 20K pa rin ang nagiging basis ng benefits and the share in the SSS fund, anything in excess of that ay napupunta na sa Mandatory Provident Fund, which again is a separate savings ng mga members. Kaya pag ikaw ay nagretire na, ang contribution o basis ng monthly pension mo ay yung 20K pa rin pero magkahiwalay na ibibigay yung Mandatory Provident Fund, na pwedeng lump sum or monthly ang pagbibigay on top of the monthly pension. Ang ibig sabihin lang nito yung monthly pension ay nakabase sa 20K then yung sobra sa 20K ay mapupunta nasa MPF e.g., 35K ang sahod mo per month, yung 15K don

mapupunta sa MPF. Hindi literal na 20K at 15K ang matatanggap, may % yang monthly pension at MPF.

## **Government Contributions**

- Under the law, the government is mandated to appropriate funds annually for purposes of the operations of SSS as an entity. Dapat kasama sa budget. - Kasi ang gusto rito ay yung pondo ni SSS ay ginagamit lang talaga para sa mga members lang. - Kaya yung pasweldo sa mga officers, employees ay nanggagaling sa pondo ng government. - Kasi technically, para tayong nag-iinvest, yung contributions natin binibigay kay SSS at si SSS minamanage yung pondo para kumita. Kaya nilalagay yan sa mga government securities, equities, and bonds. At yan yung nagiging dahilan kung bakit lumalago.

## **Government Guarantee**

- Supposedly, hindi dapat nagkakaroon ng reduction sa benefits. - Kaya may guarantee ang government na if wala nang pondo ang SSS, manggagaling na ngayon sa government yung pambayad ng benefits ng members. - Nagiging guarantor ang government when it comes to the SSS benefits.

## **Remittance Of Contributions**

- Deadline: 10 days after the close of each month, e.g., If Jan. contribution, Feb 10. Pero nag-aapply ito kay employer. - If may late remittance, 2 percent penalty interest per month, technically, 24 percent per calendar year. - The SSS can require advance contributions when there are supposedly bases dahil kailangan na ng SSS because of expediency. - Ang nagiging complication lang dito ay e.g., Nirequire na yung buong semi-annual, Jan-June niremit na agad. Pero si employee nag-resign ng April so hindi na required si employer mag-share dahil hindi na niya empleyado from April to June, pwede itong i-credit (ibabawas) on the subsequent contributions

na babayaran for the current employees pa. Either advance/prepaid ang treatment or pwedeng mag-apply ng refund. - If hindi nagremit si employer, ang treatment sa SSS contribution ay parang taxes din. Ang collection ay will be in the same manner as that of taxes. Yung mga remedies ni BIR e.g., Levy of RP - Yung entitlement to the benefit will not be affected by the fact that there was non-remittance on the part of the employer. - PRESCRIPTIVE PERIOD to file cases related to the collection of the unremitted contribution: 20 year-period. Ang bilang ng 20 years will either start from knowledge na walang contribution ng employer from the time they made an assessment for the amount that was not remitted or from the time the benefit accrues, whichever will be applicable. Ang idea rito ay ito yung mga instances kung saan magkakaroon ng discovery na alam ng SSS na hindi pala nagcontribute yung employer. - If nagkaroon ng default or late remittance: Civil action (civil collection) or issuing warrant for the taking of the personal (distrain) or real property (levy). Kukunin ng sheriff at ibebenta in a public auction para kung ano man yung mapagbentahan yun ang gagamitin na pambayad. - Kapag nag-file ng civil suit ang SSS, nagkakaroon ng priority or preference sa korte kasi ang idea ay dapat naiinvest ni SSS ang pera. - In the determination of the amount that the employer may be required to

remit, pwedeng gamiting basis yung kaniyang average monthly contributions for the past three years or last complete record ng kaniyang monthly contributions. Pero pwede pa ring mag-audit ang SSS, kung wala nang records ang

employers pwede nang gamiting basis yung historical. Nagbibigay lang dito ang batas ng alternative kung sakaling hindi na possible yung pag determine ng actual contributions that the employer will be required to remit. - SELF-EMPLOYED: Under the law, quarterly ang contribution in a schedule that will be provided by the SSS Commission. But currently, monthly.

## Method Of Collection And Payment

- Ang pagbabayad ng contribution can be done in cash (preferred). Or in some instances nagkakaroon ng constructive receipt in the sense na denideposit nalang lalo na kung sobrang laki ng cinocontribute. - Pero aside from cash, pwedeng checks, stamp, coupons, tickets or other reasonable devices. Pero in the current practice, cash.

## Employment Records And Reports

Employer is required to submit a report to SSS indicating: Names, Ages, Civil Status, Occupations, Salaries and Dependents ng mga employees. Itong reports na ito ay applicable rin sa self-employed members. Pero ang pinagkaiba lang ay instead of salary, net income ang required na nakalagay sa report. Deadline for providing the report: 30 days (hindi nakaspecific as a deadline sa batas) e.g., Remember na ang employee ay covered nang SSS from the start of the employment. So pagstart palang ng trabaho, covered na agad ng SSS. Paano kung nangyari yung contingency within 30 days of employment, at wala pang report na nabibigay si employer kay SSS. Kung yan ay within 30 days pa,

icocover pa yan ng SSS. If beyond 30 days na nangyari yung contingency pero wala pa ring report na naibibigay, in this case, yung employer ang magiging liable for that particular benefit that the member would have entitled to. Again hindi nakaspecific na deadline yung 30 days pero ganon siya by legal effect because of the consequence. If the employer fails to provide the reports within 30 days sasaluhin niya kung magkano yung benefit that the member would have entitled to. Pero kung within 30 days pa nangyari ang contingency kahit wala pang report babayaran yan ng SSS. In case na pension benefit ang nangyari pero wala pang report at magiging liable ang employer, the amount that he will be liable for

will either be the accumulated pension due or five year's pension kasi yan yung 60 months na guaranteed period ng pension, whichever is higher. CONTRACTOR: In a setup involving a client, a contractor, and the contractor's employees, the contractor is considered the primary employer of its workers. Madalas nangyayari ito for security, janitorial services, messengerial services, technically ang employer ng mga employees na ito ay yung contractor, kasi hiwalay ang contract ni client kay contractor. Under the SSS Law, the contractor is primarily responsible for paying the SSS contributions and benefits of its employees. However, the client can be held

subsidiarily liable if the contractor fails to fulfill these obligations. Kaya nirerequire ng batas na dapat kapag ikaw yung client at meyrong kang contractor, dapat magbigay si contractor ng surety bond para sigurado na yung benefits ng employees sa SSS ay babayaran talaga. In cases where the contractor defaults and the client is compelled to settle the unpaid SSS contributions or benefits, kapag pinagbayad si client ng SSS pwede siyang maningil sa contractor for reimbursement kasi ultimately si contractor pa rin yung employer na dapat nagbabayad ng benefits. If there is misrepresentation regarding the true date of employment or a failure by the employer to remit the correct amount of

contributions to the SSS resulting in reduced benefits for the employee, the reduction will be the liability of the employer kasi nga acts niya ang naging dahilan kung bakit nagkaroon ng reduction of benefits. Ang idea tuloy rito ay si SSS pa rin ang magbabayad sa employee pero sisingilin ni SSS yung ER because of the difference in the actual benefits the employee is entitled to as to the benefits they received due to the employer's actions. Kung sakali nga na nangyari ang misrepresentation as to the true date of employment or less remittance ng contribution, hindi ibig sabihin na bawal na maningil ng correct contributions si SSS. The employer will still be held liable for the unremitted contributions, and

the SSS can impose penalties on the employer for failing to remit the correct amount. Whatever the report or record will be submitted to the SSS will be considered confidential by the SSS. Pwede lang itong i-disclose ni SSS kung meyrong subpoena duces tecum from the courts. Itong pag disclose ni SSS ay may mga conditions attached by law na magagawa lang yan kung nag-consent yung President ng SSS or any authorized representative or official ng SSS. Hindi basta-basta na may subpoena, agad-agad may disclosure na, kailangan may approval pa ng President ng SSS. Whatever is contained in the records or the reports are already presumed correct. Kaya hindi siya pwedeng baguhin during the

case or i-impeach during the trial na mali ang laman ng records. Hindi yan ang proper avenue to question the contents of the records or reports. Magkakaroon lang ng disclosure ng information only if necessary to the case, na ito lang ang magiging basis in order to decide or adjudicate the claim. Na kung hindi naman related sa pag decide sa case, hindi rin nagiging mandatory yung disclosure. SPECIAL RULE: Kung sakaling nagbayad na ang SSS to a particular beneficiary and it turns out na may iba pa palang entitled sa benefit, walang magiging liability ang SSS kapag nagbayad siya in good faith. Kaya ang premise rito e.g., Si SSS binayaran si A and it turns out na si B pala ang primary beneficiary that will be entitled

to the benefit. Ang magiging kaso ni B ay laban na kay A, hindi laban kay SSS. Basta in good faith binayaran ni SSS. May requirement to keep records ang mga employers, and required na meyrong din silang maintain na annual register ng mga employees na always updated. And the records will be made available to the SSS every January, crucial ang January kasi rito nagkakaroon ng renewal ng business permit. As a requirement to renew the business permit, dapat ay may certification na nangagaling kay SSS na bayad lahat ng contributions. Kasi kung wala yung certification, hindi i-issue yung business permit. For every employee, kailangan meyrong SSS no. pero kapag ikaw

ay nakapag-trabaho na, yan na yung number kinuha mo sa first employer mo, yan na ang gagamitin mo forever. Hindi porke may SSS number ang employees ay exempted na si employer sa filing requirement. Required pa rin siya na i-present ito sa SSS following all the procedures. Magiging admissible in evidence ang records kahit na ito ay naka-electronic format. Meaning, pwede siyang gamitin as evidence. When you renew your business permit with the local government unit, nagiging prerequisite for the renewal na kukuha ka ng certificate from the SSS that you are covered and at the same time you comply with the provisions of the SSS Law. Dahil nga naging

prerequisite ito for business renewal, nagkaroon ng mandate ang batas na dapat within 5 working days ay ma-issue na ng SSS itong certificate na ito.

## **Report And Registration Of Self-Employed**

- Pareho lang lahat ng info, ang nagbago lang ay instead of the salary, monthly net income ang nirereport niya na magiging basis ng contribution. - 30 days ang deadline. - Kasi kung sakali na nangyari na ang contingency pero wala pang report and within 30 days pa bago mag-file ng report, covered siya; kapag beyond hindi na. Otherwise stated, makakarecover siya kung within the 30 -day period nangyari yung contingency pero kung beyond the 30-day period hindi na makakarecover from the SSS.

## **Penal Clauses**

### **Prohibited Acts**

### **Offense Penalty**

Causing any payment to be made where none is authorized to be paid, shall make or cause to be made any false statement or representation as to any compensation paid or received. - You caused the payment nang walang nagiging entitled or you received payment that you are not entitled to. At ang nagiging dahilan kung paano mo nagawa na nagbayad ang SSS ay dahil meyrong false statements on any claims or application for loans. - Falsification by private individuals and use of falsified documents. - Prison correccional in its medium and maximum period (6 months + 1 day - 6 years) and a fine of not > 5K. Whoever shall obtain or receive any money or check without

being entitled threto with intent to defraud. - Dinaya for whatever reason ang SSS na tumanggap ng benefits na hindi naman pala entitled. Fine: 5K - 20K Imprisonment: 6 years and 1 day - 12 years Whoever biys, sells, offers for sale, uses, transfersm takes or given in exchange or pledges or gives pledge any stamp, coupon, ticket, book or other device for